# Alamin ang Iyong
# Mga Karapatan Sa Pabahay

*Ang gabay na ito ay para sa pagbibigay ng impormasyon lamang, hindi ito nagpapatupad ng matibay na patakaran o mga karapatan, at hindi ito maituturing na legal na payo.*

**Ang mga nangungupahan ay may maraming karapatan kapag umuupa ng residential unit. Mahalagang alam ng mga nangungupahan ang tungkol sa mga pangunahing impormasyon sa tungkol sa mga karapatan at ang mga batas kaugnay ng pabahay ng mga nangungupahan na pumoprotekta sa mga nangungupahan laban sa diskriminasyon sa pabahay. Ang bulletin na ito ay nagbibigay ng buod ng mga batas na ito at mga masasanggunian na maaaring ma-access kung naniniwala kayong nilabag ang inyong mga karapatan.**

## Mga Pangunahing Impormasyon sa Tungkol sa mga Karapatan ng Nangungupahan

### Mga Pagtaas Ng Bayad Sa Pag-Upa

Nililimitahan ng Batas sa Proteksyon ng Nangungupahan (Tenant Protection Act, TPA) ang porsiyentong maaaring itaas ng landlord ang bayad sa upa sa mga nasasaklaw na ari-arian sa loob ng 12 buwang panahon sa 5% dagdag ang pagbabago sa halaga ng pamumuhay (alinsunod sa Index ng Presyo para sa Mamimili (Consumer Price Index)), o 10%, alinman ang mas mababa. Nalalapat lang ang limitasyon sa mga pagtaas ng bayad sa upa pagkatapos itakda ng landlord ang inisyal na halaga ng pag-upa. Nalalapat ang TPA sa karamihan ng mga ari-arian sa California, pero may ilang eksepsiyon, kasama ang: mga ari-ariang wala pang 15 taong gulang (maliban kung mobile home), ilang uri ng pabahay na binibigyang-subsidiya ng gobyerno, o pabahay kung saan limitado na ang pag-upa para makapagbigay ng abot-kayang pabahay sa mga sambahayang napakababa, mababa at medyo mababa ang kita. Nalalapat ang TPA sa mga nasasaklaw na ari-arian, kahit na gumagamit ang nangungupahan ng voucher sa Seksiyon 8 ng Pagpili ng Pabahay para saklawin ang bahagi o lahat ng bayad sa upa.

Dagdag dito, may mga lokal na ordinansa sa pagkontrol ng pag-upa sa ilang lungsod at county sa California na makakapagbigay ng mas malalakas na proteksyon. Magkakaiba ang bawat isa sa mga ordinansang ito, kaya mahalaga para sa mga nangungupahan na suriin ang ordinansang partikular kung saan sila nakatira. Ang ilang munisipalidad na may mga lokal na proteksyon sa pagkontrol ng pag-upa ay mayroon ding lupon para sa pag-upa na may kapangyarihang aprubahan o tanggihan ang mga pagtaas ng bayad sa upa. Sa karamihan ng mga pangyayari, maaaring muling paupahan ng landlord ang yunit sa rate ng merkado kapag lumisan ang dating nangungupahan.

### Mga Pagpapaalis

Ipinagbabawal ng TPA sa mga landlord na magpaalis ng mga nangungupahan nang walang “makatuwirang dahilan.” Nangangahulugan itong dapat mayroong legal na katanggap-tanggap na dahilan ang landlord para sa pagpapaalis sa nangungupahan. Sa ilalim ng batas, ang “makatuwirang dahilan” para sa pagpapaalis ay maaaring anumang bagay na ginawa ng nangungupahan (“may-sala,” na nangangahulugang may sala ang nangungupahan), o ang dahilan ay maaaring anumang bagay na hindi nauugnay sa nangungupahan (“walang may-sala”). Dapat magbigay ang landlord sa nangungupahan ng abiso at pagkakataong lutasin ang “may-sala” na paglabag bago magpatuloy sa pagpapaalis na inihaharap sa hukuman. Ilan sa mga halimbawa ng makatuwirang dahilan kapag “may-sala” ang nangungupahan ang:

- Kabiguang magbayad ng upa
- Pakikibahagi sa kriminal na aktibidad sa pantirahang real property, kasama ang anumang lugar na ginagamit ng maraming tao (common area)

- Pang-iistorbo o pagsasayang
- Pagtatalaga o muling pagpapaupa ng yunit nang labag sa pagpapaupa

Kung gustong paalisin ng landlord ang isang nangungupahan para sa "walang may-sala" na dahilan, dapat niyang abisuhan ang nangungupahan hinggil sa kanyang karapatan sa pagbabayad para sa tulong sa paglipat o pag-alis ng bayad sa upa para sa huling buwan ng pangungupahan. Kasama sa mga "walang may-sala" na makatuwirang dahilan para sa pagpapaalis ang:

- Gustong alisin ng may-ari ang yunit mula sa merkado para sa mga pinapaupahang lugar
- Gustong manirahan ng may-ari o ng kanyang malapit na kaanak sa yunit (sa ilalim ng ilang partikular na pangyayaring nakalista sa batas)
- Nilalayon ng may-ari na gibain o lubos na baguhin ang yunit
- May kautusan ang hukuman o ahensiya ng gobyerno na lisanin ang lugar dahil sa mga isyu sa pagiging angkop para sa paninirahan

Nalalapat ang mga proteksyon sa makatuwirang dahilan ng TPA sa mga nasasaklaw na pinapaupahang yunit sa California kung saan patuloy at naaayon sa batas na naninirahan ang mga nangungupahan nang hindi bababa sa

12 buwan, o patuloy at naaayon sa batas na naninirahan ang kahit isang nangungupahan sa ari-arian nang hindi bababa sa 24 na buwan. Hindi kasama ang ilang partikular na uri ng mga yunit ng pabahay mula sa mga proteksyon

sa pagpapaalis ng TPA. Ilan sa mga halimbawa ng mga hindi saklaw na ari-arian ang:

- Mga ari-ariang wala pang 15 taong gulang
- Mga tirahan para sa isang pamilya
- Mga hotel para sa panandaliang pananatili o sa turista
- Mga akomodasyon sa pabahay sa nonprofit na ospital, pasilidad para sa relihiyon, pasilidad para sa pinalawak na pangangalaga, o lisensiyadong pasilidad para sa residensiyal na pangangalaga ng matatanda
- Mga dormitoryong pagmamay-ari at pinapatakbo ng institusyon para sa mas mataas na edukasyon

Para sa mga yunit na hindi nasasaklaw ng mga proteksyon sa pagpapaalis ng TPA (o lokal na ordinansa para sa "makatuwirang dahilan"), dapat bigyan ng landlord ang mga nangungupahan ng abiso hinggil sa pagwawakas ng kanilang pangungupahan. Ang dami ng abiso ay depende sa mga pangyayari ng pagpapaalis, at maaari itong mag-iba sa pagitan ng 3 at 90 araw. Sa ilalim ng karamihan ng mga pangyayari, ang nangungupahang naninirahan sa yunit na hindi nasasaklaw ng TPA na makakatanggap ng tatlong araw na abiso ay dapat mabigyan ng pagkakataong lutasin ang paglabag (gaya ng pagbabayad ng upa na lumagpas na sa takdang petsa).

Ang lahat ng nangungupahan sa California, nasasaklaw man ng TPA o hindi, ay protektado mula sa pagpapaalis

(o pagtanggi sa pag-renew ng pangungupahan) kung nauugnay ito sa gawi ng karahasan sa tirahan, seksuwal na

pag-atake, palihim na pagsunod, pangangalakal ng tao, pang-aabuso sa matanda, o pang-aabuso sa dependent na nasa hustong gulang na ginawa laban sa nangungupahan. Nalalapat ang mga proteksyong ito kung ang nangungupahan ay:

1. mayroong kautusan laban sa paglapit (restraining order), ulat ng pulis, o dokumentasyon mula sa kwalipikadong ikatlong partido na nagdodokumento ng pang-aabuso at wala pang 180 araw mula sa petsa ng huling insidente na bumubuo ng batayan para sa pagpapaalis, at
2. hindi naninirahan nang kasama ang nang-aabuso.

Kung natutugunan ang mga kondisyong ito, maaaring paalisin ng landlord ang gumawa ng mga gawi, pero hindi ang nakaligtas, sa ilalim ng batas ng California.

Nawalan na ng bisa ang pansamantalang pagbabawal (moratorium) ng pagpapaalis na nauugnay sa COVID-19 ng California. Gayunpaman, mula Agosto 5, 2022, ipinapatupad pa rin ang mga pansamantalang pagbabawal sa pagpapaalis sa ilang lungsod at county sa California, kasama ang Alameda County, ang Lungsod ng Oakland, ang Lungsod at County ng San Francisco, at ang Los Angeles County. Mula Hulyo 1, 2022, maaaring magsabatas ang mga lungsod at county ng mga bagong proteksyon sa pagpapaalis na nauugnay sa COVID-19, kaya maaaring paparating na ang mga bagong proteksyon sa pagpapaalis sa ibang bahagi ng estado.

Kung binigyan ang isang nangungupahan ng reklamo hinggil sa labag sa batas na pagpilit na manatili (unlawful detainer) (isang legal na proseso para sa pagpapaalis), dapat siyang agad na kumuha ng legal na payo o tulong.

Ang mga pagkilos hinggil sa pagpapaalis sa taong labag sa batas na pilit na nananatili ay mabibilis na paglilitis at may mga pinaikling takdang petsa. Karaniwang may limang araw ng trabaho lang ang nangungupahan para tumugon sa reklamo hinggil sa labag sa batas na pagpilit sa pananatili sa pamamagitan ng pagsulat.

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan Sa Pabahay

## Mga Pagpapaayos At Pagiging Angkop Para Sa Paninirahan

Dapat na “angkop para sa paninirahan” ang isang pinapaupahang yunit, na nangangahulugang angkop ito para matirhan ng mga tao at sapat na sumusunod ito sa mga kodigo ng gusali at kalusugan ng estado at lokal na pamahalaan na materyal na nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga nangungupahan. Maraming uri ng mga depekto na maaaring maging sanhi ng hindi pagiging maayos na tirahan ng isang pinapaupahang yunit.

### Ilan sa mga halimbawa ang:

- **Hindi sapat na proteksyon laban sa lagay ng panahon**
- **Walang mainit at/o malamig na dumadaloy na tubig**
- **Sistema ng kuryente, kasama ang pailaw, pagkakaayos ng mga kable, at kagamitan na hindi maayos na gumagana**
- **Walang pagpapainit**
- **Hindi malilinis na kondisyon, na maaaring kasama ang pamumugad ng mga pesteng gaya ng mga malaki at maliit na daga, ipis, o surot**

Kung kailangan ng yunit ng mga pagpapaayos, dapat abisuhan ng nangungupahan ang landlord at dapat niyang ilarawan ang mga isyung kailangang tugunan. Kung maaari, dapat gawin ng nangungupahan ang kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat gaya ng sa sulat, text message, o email. Kung hindi tumugon o tumangging magpaayos ang landlord, maaaring gumawa ang nangungupahan ng mga partikular na pagkilos, gaya ng pagbabayad para sa mga kinakailangang pagpapaayos at pagbabawas nito mula sa bayad sa upa. Gayunpaman, dapat humingi ang mga nangungupahan ng legal na payo bago gawin ang mga pagkilos na ito, dahil maaaring magkaroon ang mga ito ng malalaking legal na kahihinatnan, gaya ng pagpapaalis mula sa yunit. Maaari ding mag-ulat ang mga nangungupahan ng mga kondisyong nakakaapekto sa pagiging angkop para sa paninirahan ng yunit sa lokal na ahensiya sa pagpapatupad ng kodigo sa kanilang lungsod o county, na maaaring magresulta sa pagtanggap ng landlord ng kautusan para gawin ang mga kinakailangang pagpapaayos.

## Mga Depositong Panseguridad

Naniningil ang karamihan ng mga landlord ng halaga ng depositong panseguridad bago lipatan ng nangungupahan ang yunit. Ang kabuuang halaga ng depositong panseguridad ay hindi maaaring humigit sa halaga ng dalawang beses ng buwanang bayad sa upa kung walang muwebles ang yunit o tatlong beses ng buwanang bayad sa upa kung may muwebles ang yunit. Maaaring tawagin ang depositong panseguridad bilang bayad sa upa para sa nakaraang buwan, depositong panseguridad, deposito para sa alagang hayop, singil para sa susi, o singil para sa pagpapalinis. Kung naninirahan ang nangungupahan nang may kasamang hayop para sa serbisyo o emosyonal na suporta, hindi sila maaaring singilin ng hiwalay na deposito para sa alagang hayop o karagdagang bayad sa upa para sa pagkakaroon ng hayop. Anuman ang tawag sa mga pagbabayad o singil na ito, itinuturing ng batas ang lahat ng ito, pati ang anumang iba pang deposito o singil, na bahagi ng depositong panseguridad. Maaari lamang gamitin ng landlord ang depositong panseguridad para sa mga sumusunod na dahilan:

- Hindi nabayarang upa
- Para linisin ang yunit upang maibalik ito sa kondisyon nito bago lumipat ang nangungupahan
- Pagpapaayos ng mga pinsala sa yunit na hindi sanhi ng normal na paggamit at pagkasira
- Kung pinapahintulutan ng kasunduan sa pag-upa, para sa gastos sa pagpapanumbalik o pagpapalit ng muwebles o iba pang gamit na personal na pag-aari (kasama ang mga susi)

May 21 araw ang landlord mula sa petsa kung kailan umalis sa ari-arian ang nangungupahan para (1) ipadala ang buong refund o (2) ipadala sa mail o nang personal sa nangungupahan ang naka-itemize na pahayag na naglilista ng mga halaga ng anumang pagbabawas mula sa deposito, dahilan para sa mga pagbabawas, at refund ng anumang halagang hindi binawas. Dapat ding ipadala ng landlord ang mga kopya ng mga resibo para sa mga singil na ibinawas mula sa depositong panseguridad na nagastos ng landlord para sa pagpapaayos o paglilinis ng pinapaupahang yunit, nang may ilang eksepsiyon.

Bago lisanin ng nangungupahan ang yunit, ipinapayong humiling ang nangungupahan ng “paunang inspeksyon” para matukoy ng landlord ang anumang pagpapaayos na maaaring kinakailangan. Dagdag dito, dapat isaalang-alang ng nangungupahan at landlord ang pagkuha ng

mga litrato para maidokumento ang kondisyon ng yunit sa panahong ito (pati kapag lilipat na ang nangungupahan). Ipinagbabawal sa landlord ang paggawa ng mga pagbabawas para sa mga pagpapaayos maliban sa mga natukoy sa paunang inspeksyon, maliban kung nagawa ang pinsala pagkatapos ng inspeksyon, o hindi ito nakita dahil sa presensiya ng mga pag-aari ng nangungupahan.

**Kung naniniwala ang nangungupahan na labag sa batas na hindi ibinigay ng landlord ang deposito, dapat siyang gumawa ng kahilingan para sa pagbabalik ng deposito, na mas mabuti kung sa pamamagitan ng pagsulat, na nagpapaliwanag kung bakit dapat ibalik ang deposito. Kung hindi pa rin makapagkasundo ang landlord at nangungupahan na makatuwiran ang pagbabalik ng bahagi o lahat ng deposito, maaaring dalhin ng nangungupahan ang landlord sa hukuman para sa maliliit na claim.**

## Mga Dulugan

- Komprehensibong Gabay sa Mga Karapatan at Responsibilidad ng mga residensiyal na Nangungupahan at Landlord ng Departamento ng Real Estate
- Impormasyon at mga mapagkukunan hinggil sa pagpapaalis/pabahay para sa Paggabay sa Sarili ng Hukuman ng California
- Mga mapagkukunan hinggil sa depositong panseguridad para sa Paggabay sa Sarili ng Hukuman ng California
- Tagagawa ng sulat ng paghahabol para sa depositong panseguridad ng Hukuman ng California
- Listahan ng libre o murang legal na tulong ng LawhelpCA

## Diskriminasyon Sa Pabahay

**Pinoprotektahan ng batas ng California ang mga nangungupahan at bumibili ng tirahan mula sa diskriminasyon at panliligalig batay sa "mga protektadong katangian."**

Kasama sa mga protektadong katangian ang:

- Lahi
- Kulay
- Relihiyon
- Bansang pinagmulan
- Ninuno
- Kapansanan
- Kasarian
- Gender
- Pagkakakilanlan ng kasarian
- Pagpapahayag ng kasarian
- Oryentasyong seksuwal
- Pangunahing wika*
- Pinagmumulan ng kita (kasama ang paggamit ng tulong mula sa gobyerno, gaya ng mga voucher sa Seksiyon 8 ng Pagpili ng Pabahay)
- Katayuan sa kasal
- Kalagayan ng pamilya
- Katayuan sa pagiging beterano o sa militar
- Henetikong impormasyon
- Edad*
- Katayuan sa imigrasyon*
- Pagkamamamayan*

**Sinasaklaw sa ilalim ng Batas Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil (Unruh Civil Rights Act), na nalalapat sa mga negosyo, kasama ang karamihan ng mga akomodasyon sa pabahay sa California.*

Nalalapat ang mga proteksyon sa diskriminasyon sa pabahay sa mga aplikante at nangungupahan sa halos lahat ng uri ng pabahay. Dapat sundin ng mga provider ng pabahay at mga nagbibigay ng mga serbisyong nauugnay sa pabahay ang mga batas na nagbabawal sa diskriminasyon sa pabahay, kasama ang:

- Mga may-ari ng ari-arian
- Mga tagapamahala ng ari-arian
- Mga tauhan para sa pagpapanatili
- Mga ahente ng real estate
- Mga appraiser
- Mga asosasyon ng may-ari ng tirahan
- Mga kompanyang nagsusuri sa mga nangungupahan
- Mga lokal na awtoridad sa pabahay
- Mga lokal na pamahalaan
- Mga hotel at motel
- Mga may-ari/tagapamahala ng mga lugar para sa panandaliang pag-upa

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan Sa Pabahay

## Diskriminasyon sa Pinagmumulan ng Kita

Ipinagbabawal ng batas ng California sa mga provider ng pabahay na magdiskrimina laban sa mga nangungupahan batay sa pinagmumulan ng kanilang kita. Hindi lang mga sahod mula sa pagtatrabaho ang "kita," pero kasama rin dito ang:

- Mga voucher sa seksiyon 8 o iba pang tulong sa pag-upa
- Social Security
- Pandagdag na Panseguridad na Kita (Supplemental Security Income, SSI)
- Mga benepisyo ng beterano
- CalWorks
- Pangkalahatang Tulong
- Suporta para sa bata
- Sustento sa Dating Asawa (Alimony)
- Insurance sa kawalan ng trabaho
- Mga pensiyon

Kasama sa mga halimbawa ng diskriminasyon sa pinagmumulan ng kita ang:

- Pagpapaupa lang sa mga aplikanteng may trabaho
- Pagtangging magpaupa o paniningil ng mas mataas na deposito mula sa mga aplikanteng may kitang hindi nanggagaling sa sahod, gaya ng SSI
- Pagtangging sumagot ng papeles o magbigay ng mga partikular na dokumento na kinakailangan para sa mga programa sa tulong sa pag-upa na gaya ng seksiyon 8
- Pagsasaad ng kagustuhan para sa mga propesyonal o partikular na uri ng mga propesyonal, gaya ng mga manggagawa sa teknolohiya o medikal na propesyon trabajadores de tecnología o médicos

## Diskriminasyon sa Kapansanan

Ipinagbabawal ng batas ng California ang diskriminasyon sa pabahay laban sa mga taong may mga kapansanan sa pisikal at mental na kalusugan. Ang makatuwirang akomodasyon ay pagbabago sa pangangasiwa na tumutulong sa mga nangungupahan o aplikante na may mga kapansanan na magkaroon ng pantay na oportunidad na magamit at matamasa ang pabahay. Labag sa batas ang pagtanggi ng provider ng pabahay na magkaloob ng makatuwirang akomodasyon. Maaaring kasama sa mga karaniwang makatuwirang akomodasyon para sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang:

- Espasyo para sa pagpaparada na malapit sa yunit ng nangungupahan
- Pagpapahintulot sa aplikante na magkaroon ng co-signer
- Pagbibigay ng karagdagang abiso sa nangungupahan bago magsagawa ng mga pagpapaayos sa yunit
- Pagpapahintulot sa nangungupahan na magkaroon ng tagapangalagang kasama sa paninirahan

Ang pagpapahintulot ng eksepsiyon sa patakarang "bawal ang mga alagang hayop" para makapagbigay-daan sa hayop para sa emosyonal na suporta (emotional support animal, ESA) ay isa pang karaniwang makatuwirang akomodasyon. Sa ilalim ng batas, hindi alaga ang mga hayop na ito, kaya hindi maaaring maningil ang provider ng pabahay ng deposito para sa alagang hayop o ng karagdagang bayad sa upa para sa pagkakaroon ng ESA. Dagdag dito, hindi maaaring magkaroon ang mga provider ng pabahay ng mga paghihigpit sa lahi o laki ng mga ESA, pero hindi nila kailangang aprubahan ang kahilingan kung nagdudulot ang hayop ng direktang banta sa kalusugan o kaligtasan o magdudulot ito ng malaking pinsala sa ari-arian. Maaaring humiling ang mga provider ng pabahay ng impormasyong nagkukumpirma sa pangangailangan ng nangungupahan para sa makatuwirang akomodasyon, kasama ang ESA, pero hindi nila maaaring kailanganing malaman ang medikal na diagnosis ng nangungupahan. Panghuli, dapat mag-ingat ang mga nangungupahan sa mga online na sertipiko at talaan para sa mga ESA — kadalasang mahal at hindi sapat ang mga ito para maitaguyod ang pangangailangan para sa makatuwirang akomodasyon.

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan Sa Pabahay

## Panliligalig

Ang panliligalig dahil sa protektadong katangian ng isang tao ay mapandiskriminang gawi sa pabahay na ipinagbabawal ng batas ng California. May pananagutan ang mga provider ng pabahay para sa sarili nilang pagkilos na nagreresulta sa panliligalig. Maaari ding managot ang mga provider ng pabahay sa kanilang kabiguang gumawa ng agarang aksiyon para maitama at wakasan ang panliligalig ng empleyado o ahente ng provider ng pabahay o ng ikatlong partido, gaya ng iba pang nangungupahan.

Maraming anyo ang panliligalig, gaya ng mga mapagpahiwatig na pahayag, paninirang-puri sa lahi, at pag-alok ng mas mababang upa kapalit ng mga seksuwal na serbisyo o pakikipag-date. Ilan sa mga partikular na halimbawa ng panliligalig ang:

- Pagtawag sa imigranteng pamilya na "ilegal"
- Pagtukoy sa Muslim na pamilya bilang "mga terorista"
- Paghiling ng mga seksuwal na serbisyo o pakikipag-date kapalit ng pagpapababa ng upa
- Pagtanong ng mga nakakasakit na tanong tungkol sa aktibidad sa pakikipagtalik sa buhay ng nangungupahan
- Pagrereklamo tungkol sa amoy ng pagkain ng nangungupahan o sa uri ng musikang pinapakinggan niya

## Mga Aplikanteng may Mga Kasaysayan ng Pagiging Kriminal

Nagbibigay ang batas ng ilang proteksyon para tugunan ang mga balakid na hinaharap ng mga aplikante sa pabahay na may mga kasaysayan ng pagiging kriminal. Naaayon sa batas ang pagsasagawa ng mga provider ng pabahay ng mga pagsusuri ng background ng mga aplikante. Gayunpaman, labag sa batas ang pagkakaroon ng provider ng pabahay ng "pangkalahatang pagbabawal" sa lahat ng aplikante na may mga kasaysayan ng pagiging kriminal o may ilang partikular na uri ng mga paghatol. Dagdag dito, ipinagbabawal sa mga provider ng pabahay ang pagsasaalang-alang ng mga sumusunod na uri ng kasaysayan ng pagiging kriminal:

- Mga pagkakaaresto o paglabag na hindi humantong sa paghatol
- Mga paghatol na winakasan o inalis
- Mga paghatol sa sistema ng hustisya para sa kabataan
- Paglahok sa programa sa pagwawasto ng pag-uugali (diversion program) bago ang o pagkatapos ng paglilitis

Kapag nagpapasiya kung magpapaupa sa aplikanteng may kasaysayan ng pagiging kriminal, dapat ang mga paghatol na direktang nauugnay sa mga alalahanin para sa kalusugan at kaligtasan ng ibang nangungupahan, empleyado, at ng ari-arian lang ang isaalang-alang ng mga provider ng pabahay. Dapat ding isaalang-alang ng mga provider ng pabahay ang "nagpapagaang impormasyon," na tumutukoy sa mga gawi o pangyayaring nauugnay sa kriminal na pagkilos na tumutulong na maipaliwanag ang kaganapan at nagpapakita ng kakayahan ng aplikante na maging mabuting nangungupahan.

### Ilan sa mga halimbawa ng nagpapagaang impormasyon ang:

- **Mga pagsisikap sa rehabilitasyon**
- **Matagal nang naganap ang pagkilos**
- **Ang paghatol ay resulta ng o nauugnay sa karahasan sa tirahan**
- **Positibong kasaysayan ng bilang nangungupahan**
- **Patunay ng matatag na pagtatrabaho**

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan Sa Pabahay

## Paano Ka Matutulungan Ng Civil Rights Department?

**Ang mga batas ng California na pumoprotekta sa mga nangungupahan at bumibili ng bahay laban sa mga iligal na diskriminasyon sa pabahay ay ipinapatupad ng the Civil Rights Department (CRD).* Kung sa palagay mo ay naging biktima ka ng labag sa batas na diskriminasyon, maaari kang maghain ng reklamo sa CRD sa pamamagitan ng pagbisita sa.**

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Bayad: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon para maghain ng reklamo, matutulungan ka ng CRD sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na bingi, nahihirapang makarinig, o may mga kapansanan sa pananalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa itaas.

**Tanging ang CRD ang makakatulong sa pagresolba ng mga problema ng nagpapaupa/nangungupahan na may kinalaman sa diskriminasyon o panggigipit dahil sa lahi, kasarian, relihiyon, bansang pinanggalingan, kapansanan, o mga ibang katangian pinoprotektahan.*

## Mga Mapagkukunan

### *Mga Dokumento ng Impormasyon at Gabay ng CRD*

- **Dokumento ng Impormasyon hinggil sa Pandidiskrimina sa Kapansanan** (English) (Chinese) (Korean) (Spanish) (Tagalog) (Vietnamese)
- **Dokumento ng Impormasyon hinggil sa Mga Hayop para sa Emosyonal na Suporta** (English) (Chinese) (Korean) (Spanish) (Tagalog) (Vietnamese)
- **Booklet para sa Patas na Pabahay** (English) (Arabic) (Armenian) (Chinese) (Hmong) (Korean) (Punjabi) (Russian) (Spanish) (Tagalog) (Vietnamese)
- **Dokumento ng Impormasyon hinggil sa Patas na Pabahay at Kasaysayan ng Pagiging Kriminal** (English) (Chinese) (Korean) (Spanish) (Tagalog) (Vietnamese)
- **Mga Madalas Itanong hinggil sa Patas na Pabahay at Kasaysayan ng Pagiging Kriminal** (English) (Spanish)
- **Gabay sa Pag-iwas sa Panliligalig hinggil sa Pabahay** (English)
- **Dokumento ng Impormasyon hinggil sa Pinagmumulan ng Kita** (English) (Chinese) (Korean) (Spanish) (Tagalog) (Vietnamese)